

Ano ang magbabago mula Oktubre

10月から変わること

Nagbabago ang sahod, ang mga proseso para sa residence status, at ang mga patakarán sa trabaho. Narito ang mahahalagang punto.

給料、在留の手続き、職場のルールが変わります。大事なところをまとめました。

10
2026

1 Tataas ang minimum wage

最低賃金が上がります

Sa pagitan ng Oktubre 1 at Disyembre 2, magkakaroon ng bagong minimum wage ang bawat prefecture (iba-iba ang petsa). Ang pambansang average ay 1,177 yen kada oras (mas mataas nang 56 yen).

10月1日から12月2日までの間に、都道府県ごとに新しい最低賃金になります。全国平均は時給1,177円（56円アップ）です。

- Para sa lahat ng manggagawa ang minimum wage, anuman ang nasyonalidad o status of residence.
最低賃金は、国籍や在留資格に関係なく、すべての働く人に適用されます。
- Kung buwanan ang sahod mo, hatiin ito sa nakatakdang oras ng trabaho mo sa isang buwan (hindi kasama ang overtime) at ikumpara. Huwag isama ang overtime pay, allowance sa pamasahe, o bonus.
月給の人は、月給を1か月の決められた労働時間（残業は入れない）で割って比べます。残業代・通勤手当・賞与などは入れません。

Ang iyong pinagtatrabahuhan / あなたの職場

Prefecture
都道府県

Bagong minimum wage (kada oras)
新しい最低賃金（時給）

Simula kailan
いつから

Gawin ito / すること

Tingnan ang payslip ng unang buwan na may bagong minimum wage. Kung parang kulang, magtanong sa kompanya o sa isang consultation desk.

新しい最低賃金になった月の給与明細を確かめましょう。少ないと思ったら、会社が相談窓口聞いてください。

2 Bagong patakarán laban sa customer harassment

カスハラから働く人を守るルールが始まりました

Mula Oktubre 1, obligado ang lahat ng kompanya na protektahan ang mga manggagawa mula sa masasakit na salita at masamang asal ng mga customer (customer harassment).

10月1日から、すべての会社に、お客さんからのひどい言動（カスタマーハラスメント）から働く人を守る対策が義務になりました。

- Ang pagsigaw, pagbabanta, pangungutya sa nasyonalidad mo o sa Japanese mo, at ang matagal na pananatili nang ayaw umalis ay mga halimbawa ng customer harassment.
どなる、おどす、国籍や日本語をばかにする、長い時間いすわる、などはカスハラです。
- Huwag itong harapin nang mag-isa. Tawagan agad ang iyong manager. Hindi ka tatratuhin nang hindi patas dahil humingi ka ng tulong.
一人で対応しないで、すぐ上司を呼んでください。相談しても、不利益な扱いはされません。

Gawin ito / すること

Alamin kung nasaan ang help desk ng kompanya.

会社の相談窓口を確かめておきましょう。

3 Tataas ang bayad sa mga proseso ng residence status

在留手続きの手数料が上がります

Mula Oktubre 1, malaki ang itinaas ng bayad sa pag-extend ng period of stay at sa pagpapalit ng status of residence. Nakadepende ang halaga sa haba ng period of stay na ibibigay sa iyo.

10月1日から、在留期間の更新と在留資格の変更の手数料が大きく上がりました。金額は、許可される在留期間で決まります。

Period of stay na ibinigay 許可される在留期間	Sa counter 窓口	Online オンライン
3 buwan o mas maikli 3か月以下	10,000 yen	10,000 yen
Higit 3 buwan hanggang 6 na buwan 3か月をこえて6か月まで	18,000 yen	15,000 yen
Higit 6 na buwan, kulang sa 1 taon 6か月をこえて1年未満	25,000 yen	21,000 yen
1 taon 1年	33,000 yen	27,000 yen
Higit 1 taon, kulang sa 3 taon 1年をこえて3年未満	48,000 yen	42,000 yen
3 taon pataas, kulang sa 5 taon 3年以上5年未満	64,000 yen	56,000 yen
5 taon pataas 5年以上	75,000 yen	65,000 yen
Permanent residence (sa counter) 永住許可（窓口）	200,000 yen	

Hanggang Setyembre: 6,000 yen sa counter / 5,500 yen online. / 9月までは、窓口6,000円／オンライン5,500円でした。

- Ang mga aplikasyong natanggap hanggang Setyembre 30 ay magbabayad pa rin ng lumang halaga, kahit Oktubre o pagkatapos pa ang pag-apruba.
9月30日までに受け付けられた申請は、許可が10月以降でも前の手数料です。
- Kung higit 3 buwan ang period of stay, mas mura kung online. Sa online na aplikasyon mula Oktubre 1, magbabayad sa convenience store o sa bangko, hindi gamit ang revenue stamp (収入印紙). May maliit na dagdag na bayad sa transaksyon.
3か月をこえる許可なら、オンラインのほうが安くなります。10月1日以降のオンライン申請は、コンビニで銀行で支払います。収入印紙は使えません（別に決済手数料がかかります）。

Gawin ito / すること

Tingnan ang expiration date sa iyong residence card at makipag-usap agad sa kompanya (o sa support staff).

在留カードの期限を確かめて、早めに会社（支援担当者）と相談しましょう。

4 Part-time: health insurance at pension

パート・アルバイトの社会保険

- Mula Oktubre, wala na ang kondisyong "88,000 yen o higit pa kada buwan". Kung 20 oras o higit pa kada linggo ang trabaho mo sa kompanyang may 51 o higit pang naka-insure na empleyado, sa pangkalahatan ay sasali ka sa health insurance at employees' pension (hindi kasama ang mga estudyante).
10月から「月8.8万円以上」という条件がなくなりました。厚生年金に入っている人が51人以上の会社などで週20時間以上働く人は、原則として健康保険と厚生年金に入ります（学生は対象外）。
- Magbabago ang take-home pay mo, pero makakatanggap ka ng mga benepisyo tulad ng sick pay at pension.
手取りは変わりますが、病気のときの手当や年金を受けられるようになります。

Saan magtatanong 相談先

Help desk ng kompanya

会社の相談窓口

Contact person / departamento
担当者・部署

Telepono / LINE / email
電話・LINE・メール

Working Conditions Hotline (Ministry of Health, Labour and Welfare, libreng tawag)

労働条件相談ほっとライン（厚生労働省・無料）

Tagalog: Martes at Miyerkules 17:00–22:00 / Sabado
9:00–21:00 (sarado Dis 29–Ene 3)

Sa araw: Consultation Dial para sa mga dayuhang
manggagawa 0570-001-705 (Lun–Biy 10:00–15:00, maliban
12:00–13:00; may bayad ang tawag)

Immigration Information Center (Immigration Services Agency)

外国人在留総合インフォメーションセンター（出入国在留管理庁）

Mga tanong tungkol sa residence procedures (Japanese,
English at iba pa; wala pang Tagalog) · Lun–Biy 8:30–17:15

0120-531-405

0570-013904